


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

**5**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1

## Paggawa ng Dayagram ng Ugnayang Sanhi at Bunga Mula sa Tekstong Napakinggan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Tagasulat**: | Jennifer Vicente<br>Rodel Ortiz |
| **Editor**: | |
| **Tagasuri:** | Russel Huesca- Mutia, Annabelle A, Pasko |
| **Tagapamahala**: | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools Division Superintendent |
| | Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief |
| | Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS – LRMDS |
| | Josephine L. Tomboc, EdD<br>EPS – Filipino |



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang paggawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula sa napakinggang teksto.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga mula sa tekstong napakinggan. **(F5PN-IVa-d-22)**



# Balikan

Ibigay ang hinihinging personal na impormasyon.

| | |
|---|---|
| Pangalan: | |
| Petsa ng Kapanganakan: | |
| Tirahan: | |
| Paaralan: | |
| Baitang: | |



# Tuklasin

Ipaawit sa kasama sa bahay ang awiting "Ang Pipit" o hanapin ito sa you tube. Pakinggan at sagutin ang mga tanong.

**Ang Pipit**

By: Levi Celerio

May pumukol sa Pipit sa sanga ng isang kahoy
At nahagip ng bato ang pakpak ng munting ibon
Dahil sa sakit 'di na makaya pang lumipad
At ang nangyari ay nahulog
Ngunit parang taong bumigkas

Mamang kay lupit
Ang puso mo'y 'di nanahabag
'Pagpumanaw ang buhay ko ay
May isang pipit na iiyak.

Source: https://filipino-folk songs.blogspot.com.

**Gawain A**. Panuto: Sagutin ang mga tanong.

1. Sino ang pumukol sa Pipit?
2. Nasaan ang Pipit?
3. Bakit 'di na makaya pang lumipad ng ibon?
4. Paano mo ilarawan ang taong hindi mahahabag?
5. Bakit iiyak ang munting ibon?

**Gawain B**. Panuto: Suriing mabuti ang mga pangungusap o parirala na nasa loob ng kahon kung ito ba ay sanhi o bunga. Isulat ang mga ito sa wastong hanay.

1. Nahagip ng bato ang pakpak.
2. Nahulog ang Pipit.
3. Dahil sa sakit nadulot ng sugat
4. 'Di na makaya pang lumipad
5. Kapag pumanaw ang buhay ng inahing ibon.
6. May isang munting ibon na iiyak.

| Sanhi | Bunga |
|---|---|
| | |
| | |
| | |



# Suriin

Ang ***sanhi*** ay siyang pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari.

Ang ***bunga*** ay siyang kinalabasan o epekto ng isang pangyayari.

Halimbawa:


Napuno ng mga basura ang kanal kaya 'di makadaloy ang tubig-baha.

Sanhi – Napuno ng mga basura ang kanal
Bunga - kaya di makadaloy ang tubig-baha


**Tandaan:**

- Dapat matukoy nang mabuti ang sanhi upang malutas kung ito'y nagdudulot ng suliranin upang maging maganda ang bunga.
- Maaaring isulat ang sanhi at bunga sa mga dayagram upang mas maintindihan ito.
- May mga iba't ibang uri ng dayagram na makakatulong sa paglalahad ng sanhi at bunga, tulad ng nasa ibaba:


1. Fishbone





2. Bubble map




3. Equation



4. Radial list







# Pagyamanin

**Panuto:** Ipabasa sa kasama sa bahay ang teksto at makinig nang mabuti. Kumpletuhin ang dayagram ng ugnayang sanhi at bunga.

| |
|---|
| Kinakaharap ngayon ng buong mundo ang pandemyang dulot ng *COVID 19.* Maaari kang mahawaan mula sa mga maliliit na patak mula sa paghinga kapag ang isang nahawahang tao ay umuubo, bumabahin, o nagsasalita. Maaari mo ring makuha ito sa pamamagitan ng paghawak sa isang bagay na mayroong virus, at pagkatapos ay humawak sa iyong bibig, ilong, o mata. Sa kasalukuyan ay walang bakuna na pang protekta laban sa *COVID-19*. Ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang iyong sarili ay ang umiwas na malantad sa virus na nagdudulot ng *COVID-19*. Manatili sa bahay hangga't maaari at iwasan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa iba. Habang nasa mga pampublikong lugar, magsuot ng telang pantakip ng mukha na tumatakip sa iyong ilong at bibig. Linisin at disimpektahin ang madalas na hinahawakang mga bagay. Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig nang hindi baba sa 20 segundo, o gumamit ng may alcohol at sanitizer na hindi bababa sa 70% ethyl alcohol. |

**Gawain A**. Panuto: Ano-ano ang mga dahilan upang makaiwas na malantad sa *virus*? Isulat sa mga biluhaba.




**Gawain B.** Ipabasa sa iyong kasamahan sa bahay ang sumusunod na mga pangungusap. Tukuyin kung alin ang sanhi at ang bunga. Isulat ito sa dayagram na nasa ibaba.


1.Unti-unting naglaho ang mga isda at iba pang lamang-dagat dahil sa polusyon.

2.Laging napaglipasan ng gutom si Miel kaya nagkasakit siya.

3.Nakatulog nang mahimbing ang guardiya ng *grocery store* kaya napasok ito ng magnanakaw.

4.Lumawak ang kaalaman ni Faye dahil sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng aklat.

5.Dahil sa sagupaan ng mga sundalo at rebelde, nagsilikas ang mga tao.





## Isaisip

Mahalagang matukoy ang sanhi at bunga mula sa isang teksto upang mas madali ang paggawa ng dayagram para sa ugnayang ito.

Maaring gumamit ng iba't-ibang dayagram na angkop sa ugnayang sanhi at bunga tulad nalang ng ***fishbone*** at ***bubble map***.



## Tayahin

Pakinggang mabuti ang balita habang binabasa ito ng iyong kasama sa bahay. Gumawa ng ***fishbone*** na dayagram ng ugnayang sanhi at bunga na makukuha mula sa balita.

**Bagyong Rolly Nanalasa sa Bicol, Ilang Residente Nasawi**

Bagamat bahagya nang humina ang bagyong Rolly, tumama ito bilang isang "super typhoon" nitong madaling araw ng Linggo sa Bicol region.

Unang nag-landfall nitong Linggo ang bagyong Rolly — na itinuturing na pinakamalakas na bagyo sa buong mundo — sa Bato, Catanduanes saka naglandfall sa Tiwi, Albay.

Patunay ng bagsik ng bagyo ang mga video ng malalakas na hangin na tila sumisipol at humahambalos, at pagkaanod ng malalaking bato, buhangin, at lahar.

Libo-libong residente rin ang inilikas at nananatili ngayon sa mga evacuation center, at nawalan din ng kuryente sa maraming lugar sa rehiyon.

Sa Albay, 4 ang naiulat napatay mula sa Daraga, Guinobatan, Oas, at Polangui, sabi sa Teleradyo noong hapon ng Linggo ni Governor Al Francis Bichara.

Sa lakas din ng hangin, bumagsak ang kisame ng isang silid ng paaralan kung saan may ilang inilikas na residente pero wala naming nasaktan.

Nalubog din sa buhangin at malalaking bato ang mga tindahan sa Busay sa Daraga, Albay.

Sa Guinobatan, nalubog sa lahat mula sa bulking Mayon ang ilang bahay.

Sa ipinakita namang video sa social media ni Rep. Lray Villafuerte, mapapanood ang paghambalos ng hangin sa isang hanging bridge sa Camaligan, Camarines

Sur.


Lampas 2 talampakan naman ang baha sa bayan ng Lupi, Camarines Sur.

Sa bayan ng Lagonoy, halos zero visibility nitong umaga ng Linggo dahil sa malakas na ulan.

Sa Nabua, may nagtumbahang mga puno at nag-aangatan na ang mga bubong dahil sa sunod-sunod na malakas na bugso ng hangin.

Patuloy na nagsasagawa ngayon ng *rapid damage assessment* ang mga local na pamahalaan sa halaga ng pinsala sa agrikultura at impraestruktura na dulot ng bagyo
Noong tanghali, humina ang Rolly at naging *typhoon* na lang ulit pero nanatiling malakas ang mga hanging dala nito, ayon sa *state weather bureau* na PAGASA.


Source: https://news.abs-cbn.com/news/1





# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magbigay ng ugnayang sanhi at bunga base sa inyong karanasan. Isulat ito sa dayagram sa ibaba.



## Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

Maaring magkakaiba ang sagot

**Tuklasin**

Gawain A
1. Ang mama
2. Nasa sanga ng kahoy
3. dahil sa sakit
4. malupit,walang -awa
5. dahil pumanaw ang ina nito

Gawain B.

**SANHI:**
1. nahagip ng bata ang pakpak
2. dahil sa sakit na dulot ng sugat
3. kapag pumanaw ang buhay ng inahing ibon

**BUNGA:**
1. nahulog ang pipit
2. di na makaya pang lumipad

May isang munting ibon na umiiyak

**Pagyamanin**

Gawain A:
mga dahilan o sanhi upang makaiwas sa virus
1. kung maari manatili lamang sa bahay.
2. takpan ng tela ang bibig at ilong
3. disimpektuhin ang mga kagamitan
4. palaging maghugas ng kamay
5. gumamit ng alcohol at sanitizer

Gawain B:

**Sanhi**
1. dahil sa polusyon
2. laging nalipasan ng gutom
3. Nakatulog ng mahimbing ang gwardiya ng grocery
4. dahil sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng aklat
5. dahil sa sagupaan ng sundalo at rebelde

**Bunga**
1. unti-unting naglaho ang mga isda at iba pang lamang dagat
2. nagkasakit
3. nakapasok ang magnanakaw
4. lumawak ang kaalaman
5. nagsilikas ang mga tao

**Tayahin**

**Sanhi:**
1. dahil sa super typhoon
2. sa lakas ng hangin

**Bunga:**
1. inilikas sa evacuation center ang mga residente , nawalan ng kuryente , bumaha sa mga lugar
2. bumagsak ang mga kisame ng paaralan , natumba ang mga puno

**Karagdagang Gawain**

Maaring magkakaiba ang sagot

# Sanggunian

ABS-CBN News
Nov. 01, 2020 https://news.abs-cbn.com/news/1

"Filipino folk songs." Accessed December 2020. https://filipino-folk-songs.blogspot.com.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.